June 29, 2023 令和５年６月２９日

Para sa mga magulang/tagapag-alaga 保護者　様、

Board of Education, Toyohashi Schools Division Office
Schools Division Superintendent: Mr. Yamanishi Masayasu
Toyohashi Municipal__Maeshiba__School
Diretor da escola:___Toriyama　Noriko___
豊橋市教育委員会　教育長　　山西　正泰
豊橋市立前芝中学校長　　　鳥山　徳子

**Tungkol sa mga Hakbang/Tugon ng Paaralan Batay sa Impormasyon sa Paglikas (Alert Level) Kapag Mayroong Panganib na Magkaroon ng 「Baha (Pag-apaw ng Ilog)・Landslide・Storm Surge」 Dulot ng Malakas na Ulan**
**大雨がもたらす「洪水（河川氾濫）・土砂災害・高潮」の恐れがある場合の避難情報（警戒レベル）を踏まえた学校の対応について**

Kung ang lahat o bahagi ng school area ay itinalaga bilang evacuation area (school district) at ang alert level 3 at 4 ay ipinahayag, dahil sa mga pangyayaring nakasaad sa itaas. Ang paaralan ay tutugon tulad ng mga sumusunod sa pakikipagtulungan ng _Maeshiba_ junior high (elementary) school kung saan naka-enroll ang magkakapatid na mag-aaral/estudyante. Inaasahan po namin ang inyong pang-unawa at pakikipagtulungan.

1. Alert Level 3: Paglikas ng mga matatanda

○ Ang mga taong kailangan ng oras sa paglikas mula sa mapanganib na lugar ay dapat magsimulang lumikas nang maaga. Maging hindi apektado, dapat maghanda sa pagdating ng oras na kailangang lumikas!

(1) Kapag nagpahayag/nag-anunsiyo bago pumasok sa paaralan

① Maaaring pansamantalang isara ang paaralan o baguhin ang oras ng pagsisimula ng klase depende sa sitwasyon ng kalsada, subalit pangkaraniwan, ang mga klase ay gaganapin tulad ng dati.

② Kapag ang magulang/tagapag-alaga ay nagpasya na hindi papasukin ang bata para sa kaligtasan, mangyaring ipaalam ito sa paaralan. Kung ituturing ng principal na makatwiran ang dahilan, hindi ito ituturing na absent.

(2) Kapag nagpahayag/nag-anunsiyo pagdating sa paaralan

① Depende sa mga pagbabago sa kondisyon ng panahon at mga abiso mula sa Board of Education, ang mga klase ay maaaring biglaang ipatigil, subalit pangkaraniwang magpapatuloy ang klase tulad ng dati.

② Sa sandaling malaman na maaaring lumubha ang sitwasyon, agad na ipatitigil ang mga klase at isasagawa ang mga sumusunod na aksyon sa paglikas.

ア Ipagbibigay-alam ng paaralan sa pamamagitan ng email ang paraan ng paglisan sa paaralan tulad ng;「manatili sa paaralan (tiyakin ang kaligtasan sa loob ng gusali )」,「pagsundo ng magulang」o「uuwi kasama ang kagrupo」.

イ Kung mahihirapan sa pamamaraan na nakasaad sa (ア), mangyaring makipag-ugnayan sa paaralan. Ikalulugod po namin ang pagtugon sa inyong pagkonsulta.

2. Alert Level 4 「Evacuation Order」

○ Ilikas ang lahat mula sa mapanganib na lugar!
(Ang mga taong nasa ligtas na lugar ay hindi kailangang pumunta sa evacuation area.)

(1) Kapag nagpahayag/nag-anunsiyo bago pumasok sa paaralan

① Kapag hindi nakansela ang pasok bago ang alas-6:00 ng umaga sa mismong araw, pansamantalang isasara ang paaralan.

(2) Kapag nagpahayag/nag-anunsiyo pagdating sa paaralan

① Agad na ipatitigil ang mga klase at isasagawa ang mga sumusunod aksyon sa paglikas.

ア Ipagbibigay-alam ng paaralan sa pamamagitan ng email ang paraan ng paglisan sa paaralan tulad ng「manatili sa paaralan (tiyakin ang kaligtasan sa loob ng gusali )」,「pagsundo ng magulang」o「uuwi kasama ang kagrupo」.

イ Kung mahihirapan sa pamamaraan na nakasaad sa (ア), mangyaring makipag-ugnayan sa paaralan. Ikalulugod po namin ang pagtugon sa inyong pagkonsul

Kapag na-predict sa local weather information ang posibilidad ng heavy rain disaster (halimbawa; medium o mas mataas na posibilidad ang alarma sa maagang warning information), maaaring magpasya na pansamantalang isara ang paaralan hanggang isang araw bago mangyari ang prediction.

Kapag sinundo ang mga bata sa paaralan, kinakailangang isaalang-alang ang mga kondisyon ng trapiko sa paligid. Maaaring limitahan ang paggamit ng pribadong sasakyan at maaaring baguhin ang oras ng pagsundo depende sa lugar ng inyong tirahan.

←Para sa impormasyon ng kalamidad at paglikas, mag-access sa QR code para sa Toyohashi Hot Mail registration.
豊橋ほっとメールの登録はこちら。災害情報、避難情報がすばやくわかります。tou@anzen-ansin.net に空メールしても登録できます。

(Para sa mga katanungan 問い合わせ先)
Board of Education, Toyohashi Schools Division Office, Education Group Department　Tel.no: 0532-51-2826)
豊 橋 市 教 育 委 員 会　　学 校 教 育 課
Toyohashi Municipal_Maeshiba_School 豊橋市立前芝中学校
Tel.no:　0532- 31 - 0507